Interpreter Services Statement
Pahayag sa Mga Serbisyo ng Tagasalin

(Bago kumpletuhin ang porm na ito, mangyaring basahin para sa aplikante/kalahok ang nakasulat sa likod.)

PANGALAN NG KASO: _____ NUMERO NG KASO: _____

Ako, si _____, ay may kakayahang makipag-usap sa wikang _____.
(Isulat ang Wika)

Ipinaalam sa akin ng Kagawaran ng Pampublikong Serbisyong Panlipunan (DPSS) na ako ay may karapatan sa isang **libreng** tagasalin. Kung nanaisin ko, may karapatan din akong gumamit ng aking sariling tagasalin. Ganunpaman, alam ko na maaaring magkaroon ng di-pagkakaintindihan kung gagamitin ko ang aking sariling tagasalin. **Ito ay maaaring magbunga ng mga problema gaya ng pagkawala ng mga benepisyo at/o ng kwalipikasyon.**

☐ Nais kong gamitin ang libreng tagasalin na Sertipikado ng County.

☐ Nais kong gamitin ang aking sariling tagasalin bagaman maaari akong makakuha ng libreng tagasalin mula sa DPSS. Alam kong maaaring magkaroon ng di-pagkakaunawaan kung gagamitin ko ang aking sariling tagasalin. Alam ko na may sensitibong impormasyon na maaaring pag-usapan sa pagsasalin. Ganunpaman, ibinibigay ko ang aking pahintulot sa aking tagasalin na ang pangalan ay _____ na pakinggan at isalin ang ganoong impormasyon. **Ang aking pagpiling gumamit ng aking sariling tagasalin ay para sa araw na ito lamang. Alam ko na para sa iba pang magaganap na pakikipagkita, ako ay may karapatan sa isang libreng tagasalin ng DPSS.**

_____ _____
Lagda Ng Aplikante/Kalahok **Petsa**

Pangkalihimang Kasunduan ng Tagasalin

Ako, si _____, ay isang Tagasalin ng _____ na Sertipikado ng County.
(Pangalan ng Kawani) (Isulat ang Wika)

Nauunawan ko na, alinsunod sa batas, ang impormasyong makukuha sa proseso ng pagsalin ay dapat panatilihing lihim at ito ay hindi maaaring ibunyag sa labas ng prosesong iyon.

O

Ako, si _____, ay nakakapagsalita ng Ingles at _____.
(Pangalan ng Tagasalin) (Isulat ang Wika)

Sumasang-ayon akong panatilihing lihim at huwag ibunyag ang impormasyong ito, maliban sa kung kinakailangan sa pagsalin. Ang relasyon ko kay _____ ay _____.
(Pangalan ng Aplikante/Kalahok) (Relasyon)

_____ _____
Lagda Ng Tagasalin **Petsa**

FILING INSTRUCTIONS:
BWS/BSO -
Documentation/Activity Folder
Retention: Permanent

MGA SERBISYO NG TAGASALIN

Mas ninanais gamitin ng DPSS ang sarili naming libreng tagasalin sa pakikipag-usap sa iyo. Ganunpaman ay maaari mong gamitin ang iyong kaibigan o kamag-anak bilang tagasalin.

Ayaw naming gumamit ng ibang tagasalin dahil may panganib na magkaroon ng di-pagkakaintindihan at posibleng kamalian. Ang mga kamaliang ito ay maaaring makaapekto sa halaga ng tulong na maaari mong matanggap mula sa amin. Sa isang bahagi, ang mga kamaliang ito ay maaaring mangyari dahil sa may mga natatanging salita at konsepto na ginagamit para sa mga programa ng kagalingan (welfare). Ang isang tao na hindi kawani ng DPSS ay maaaring hindi makaunawa sa lahat ng natatanging talasalitaang ito. Maaari silang magkamali.

Ang DPSS ay kinakailangang magtanong sa iyo ng ilang napaka-sensitibo at personal na bagay. Kung ang iyong tagasalin ay isang kaibigan o kamag-anak, maaaring mahirapan kang sabihin sa amin ang lahat ng personal na impormasyon na kinakailangan namin.

Bilang pangwakas, pananatilihing lihim ng lahat ng aming mga kawani ang anumang iyong sabihin. Ito'y nangangahulugang hindi nila maaaring ibunyag kaninuman (maliban sa ibang kawani ng DPSS) ang iyong sasabihin. Ni ang iyong pagpunta dito ngayon ay hindi nila maaaring sabihin kaninuman.

Ang DPSS ay walang kapangyarihan sa iyong tagasalin. Hindi namin masisiguro na hindi niya ibubunyag ang iyong impormasyon sa mga taong nasa labas ng DPSS. Hihilingin namin sa iyong tagasalin na siya'y lumagda sa isang porm na nagpapahayag na hindi niya ibubunyag kaninuman ang maririnig niya rito ngayon at na pananatilihin niyang lihim ang lahat ng iyong impormasyon. Ganunpaman ay wala kaming kapangyarihan sa kanya. Dahil sa mga rasong ito, mas ninanais naming gamitin ang aming mga libreng tagasalin.